

## ALINGAWNGAW SA BOSES NA PAGAL: KWALITATIBONG PAG-AARAL SA DANAS NG MGA MAG-AARAL SA PAGSASALITA SA BIRTUWAL NA HAPAG

SEAN JOSHUA C. ARANGES<sup>1</sup>, CONIE B. CERNA, LPT<sup>2</sup>, AISA S. BASAY, MAEd<sup>3</sup>  
 0000-0005-4871-3960<sup>1</sup>, 0009-0008-1170-3234<sup>2</sup>, 0009-0006-5493-1080<sup>3</sup>  
 arangesseanjoshua@gmail.com<sup>1</sup>, coniecerna@gmail.com<sup>2</sup>, aisasalinbasay@gmail.com<sup>3</sup>  
 Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology  
 Maniki, Kapalong, Philippines

DOI: <https://doi.org/10.54476/ioer-imrj/460927>

### ABSTRAK

Layunin ng kwalitatibong pag-aaral na ito na alamin ang karanasan ng 14 na piling mag-aaral sa pagsasalita sa birtuwal na hapag mula sa ikalawang taon ng Batsilyer sa Sekondaryang Edukasyon Mayoryang Filipino sa Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology (KCAST) patungkol sa kanilang takot at pagkabalisa sa nasabing konteksto. Ang pananaliksik ay gumamit ng kwalitatibong disenyo na may penomenolohiyang pagdulog, kung saan isinagawa ang pinalalimang panayam at pangkatang talakayan, at isinagawa ang masusing pagsusuri sa maingat na pagkuha ng mga datos. Ang pananaliksik ay nakatuon sa tatlong pangunahing katanungan: una, ang karanasan ng mga mag-aaral sa pagsasalita sa birtuwal na hapag, kabilang ang takot sa negatibong paghuhusga, kawalan ng koneksyon sa birtuwal na hapag, kompiyansang magsalita kapag off-cam, at paninibago sa bagong modalidad. Pangalawa, paano nakayanan ng mga mag-aaral ang kanilang takot at pagkabalisa, kasama ang paghahanda sa birtuwal na talakayan, pagiging mahinahon sa pagsasalita, pagsasanay sa sarili, at pagtataglay ng positibong kamalayan. At panghuli, ang pananaw ng mga mag-aaral na may takot at pagkabalisa, kabilang ang tiwala sa sarili, aktibong pakikilahok, inspirasyon mula sa pamilya at mga kaibigan, at kawilihan sa motibasyon ng guro.

*Susing-salita: Alingawngaw sa boses na pagal, danas sa pagsasalita sa birtuwal na hapag, online class, bayan ng Kapalong*

### INTRODUKSYON

Ang danas sa pagkabagabag at takot sa pagsasalita sa birtuwal na hapag ng mga mag-aaral ay maituturing na isang balakid sa pagkakatuto. Ang patuloy na paglaganap ng pandemyang COVID-19 ay lumilikha ng siko-emosyonal na sitwasyon habang ang ilang bansa ay nagkakaroon ng pagtaas ng kaso sa *mental health* at maging mga problema sa kalusugan ng isip, pagkabalisa, depresyon, *stress*, hindi maayos na pagtulog at takot sa pagsasalita ng mga-aaral pagdating sa birtuwal na hapag (Gritsonko et al., 2020). Ang takot sa pagsasalita sa birtuwal na

espasyo ay isang karaniwan at totoong anyo ng pagkabalisa na nakaaapekto sa 75% ng populasyon (Sawchuk, 2017 & Black, 2019). Ayon kay Tulgar (2018), ang pagkakaroon ng takot pagdating sa pagsasalita sa *online* na klase ay nagbibigay ng hindi magandang intonasyon, pagbigkas at limitasyon sa oras sa pakikipag-usap. Ito ay ang mga pangunahing salik na nagdudulot ng pagkabalisa kapag nagsasalita. Iba pang nakaaapekto ang mga antas ng pagkabalisa ng mga mag-aaral ay tungkol sa limitadong kaalaman sa bokabularyo, tiwala sa sarili, mga saloobin patungo sa nais tunguhin ng mag-aaral (Akkakoson, 2016) na binanggit din ni Tulgar (2018).

P – ISSN 2651 - 7701 | E – ISSN 2651 – 771X | [www.ioer-imrj.com](http://www.ioer-imrj.com)

ARANGES, S.J. C., CERNA, C.B., BASAY, A.S., *Alingawngaw sa Boses na Pagal: Kwalitatibong Pag-aaral sa Danas ng mga Mag-aaral sa Pagsasalita sa Birtuwal ns Hapag*, pp. 60 - 71

Ang pagkabalisa ay itinuturing na isa sa mga pinakahadlang sa pag-aaral ng Ingles at isang karaniwang isyu sa konteksto ng wika. Dito ay pinapahina ang pagkakataon ng mga mag-aaral na makapagsalita sa harapan nang maraming tao at mawalan ng pagkakataon na magbahagi ng mga impormasyon sa birtuwal na talakayan. Sa Indonesia partikular sa MAN Insan Cendekia Gowan na paaralan, nakikitaan na maraming mga mag-aaral ang may kaswal na mga kadahilanan sa pagsasalita na nagkakabalisa pagdating sa birtuwal na pag-aaral na nahahati sa dalawang uri, ito ay ang panloob at panlabas na kadahilanan. Ang mga panloob na kadahilanan ay sanhi ng kawalan ng kompiyansa, pagkamahiyain, takot na magkamali at pakiramdam ng kawalan ng katiyakan. Habang ang panlabas na kadahilanan ay sanhi ng kakulangan sa paghahanda, limitadong bokabularyo, kaibigan o kaklase, kahihyan at katangian ng guro (Nur, 2021). Ang pag-aaral na ito ay nakaugnay sa natuklasan nina Fatma at Ernawati (2021), tungkol sa *cognitive behavioral approach in public speaking anxiety skill training*. Inuri nila ang mga kadahilanan na nagsasanhi ng pagkakaroon ng takot at pagkabalisa ng mga mag-aaral at ito ay ang panloob at panlabas na mga salik.

Sa Pilipinas, batay sa inilabas na sarbey sa 1,879 na mga kalahok partikular sa Luzon na nagpapakita ng pagkakaroon ng sikolohikal na epekto dahil sa COVID-19 tungo sa mga mag-aaral dahil sa paglipat ng tradisyonal na pag-aaral tungo sa *online* na pag-aaral sa kabila ng pinansyal at sikolohikal na alalahanin. Ang resulta ay nagpapakita na isang-kapat (1/4) na nag-uulat ng katamtaman hanggang sa matinding pagkabalisa, habang ang isang-ikaanim (1/6) ay nag-uulat ng katamtaman hanggang sa matinding depresyon (Baticulon et al., 2021). Ang resultang pinapakita ay nagbibigay pahiwatig na karamihan sa mga mag-aaral na nag-aaral sa birtuwal na hapag ay nakaranas ng matinding pagkabalisa tungo sa pagsasalita dahil sa pagbabagong nagaganap dulot ng pandemya. Ang porsiyentong ipinakita ay nagpahiwatig na maraming mag-aaral ang nakaranas ng pagkabalisa pagdating sa pagsasalita sa birtuwal na hapag. Ang resultang ito ay may malaking epekto sa pagtamo ng mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto.

Ang pag-aaral ay nakatuon sa kwalitatibong pag-aaral sa danas ng mga mag-aaral sa pagsasalita sa birtuwal na hapag na kinapapalooban ng mga rebyu ng mga kaugnay na pag-aaral upang mabigyan ng katuturan ang pananaliksik. Masasalamina na ang *new normal* ay nagbunsod nang maraming suliranin sa mga mag-aaral na may takot sa pagsasalita dahil sa pagkakaroon ng *speech anxiety* o pagkabalisa sa birtuwal na hapag. Ang pag-aaral na ito ay kinakailangan upang malaman ang pinagmulan ng pagkakaroon ng pagkabalisa at takot ng mga mag-aaral partikular sa pagkakaroon ng *online class*. Ang pagsasakatuparan ng pananaliksik na ito ay malaking tulong sa lipunan na mamulat ang maraming indibidwal tungkol sa epekto ng pagkabalisa sa pagsasalita sa birtuwal na hapag at para magkaroon ng kaalaman ang karamihan kung paano mabigyang solusyon ang naturang problema.

Bagamat maraming pagsisikap ang ginawa ng mga tagapagturo para mapabuti ang sitwasyon ng mga mag-aaral, nakalulungkot na may mga pagkabalisa (*Speech anxiety*) pa rin ang naghahari sa mga kabataan na nag-aaral sa kolehiyo. Karamihan sa mga pananaliksik katulad sa pag-aaral nina Abbasi et al., (2019) at Asysyifa et al., (2019), ay nakatooon sa pagkabalisa ng mga mag-aaral sa loob ng paaralan at sa pampublikong espasyo na nakaapekto sa negatibong damdamin ng isang indibidwal na hindi makapagsalita nang maayos. Mapapansing walang gaanong mananaliksik ang nagtangkang gumawa ng pag-aaral na ito patungkol sa takot at pagkabalisa ng mga mag-aaral sa pagsasalita sa birtuwal na hapag. Ito ay isang hindi kasiya-siyang sitwasyon kung saan nakita ng mananaliksik na kinakailangang tuklasin ang tunay na dahilan at mga kadahilanan sa likod ng mga karanasang kinakaharap ng mga mag-aaral na may takot at pagkabalisa sa birtuwal na hapag. Ito rin ay isang pagtatangka upang itampok ang iba't ibang hakbangin at solusyon na maaring gawin upang mapabuti ang kalagayan ng mga mag-aaral.

Ang teorya ay nakatuon sa karanasan ng mga mag-aaral tungo sa pagsasalita sa birtuwal na hapag. Ang pag-aaral na ito ay nakaangkla sa teoryang *Foreign Language Anxiety (FLA)* nina Horwitz, Horwitz, at Cope (1986), na tungkol sa



pagkabalisa sa konteksto ng wika bilang isang komplikadong paglayo ng pansariling persepsyon, paniniwala, ugali at pag-uugali na konektado sa pag-aaral ng wika pagdating sa birtuwal na hapag na nagmumula sa pagkakaiba ng proseso ng pag-aaral ng wika. Sinuportahan ang pag-aaral na ito sa teorya ni Pichette (2009) na Online Learning: Anxiety Creator or Healer at sa teoryang Cognitive Behavioral Theory (CBT) ni Beck (1976). Ang mga pansuportang teorya ay nagsasaad na hindi nasisiyahan ang mga kabataan o mag-aaral sa kanilang pagkatuto sa birtuwal na talakayan sa kadahilanang hirap silang makasabay at naninibago sa makabagong sistema ng pagkatuto. Ilan sa mga kadahilanan kung bakit napupukaw ang pagkabalisa at takot ng mga mag-aaral pagdating sa birtuwal na kapaligiran ay dahil sa mga negatibong pagsusuri, proseso ng pagtuturo at malaking pangamba sa komunikasyon.

### MGA LAYUNIN SA PAG-AARAL

Ang pag-aaral ay nakatuon sa pagtugon sa sumusunod na mga layunin: (1) pagbibigay kalinawan sa mga karanasang kinakaharap ng mga mag-aaral sa pagsasalita sa birtuwal na hapag; (2) pagbibigay linaw kung paano nakayanan ng mga mag-aaral ang kanilang takot at pagkabalisa sa pagsasalita sa birtuwal na hapag; at (3) pagbibigay linaw sa mga pananaw ng mga mag-aaral na may takot at pagkabalisa sa pagsasalita sa birtuwal na hapag.

### METODOLOHIYA

Ang pananaliksik ay ginamitan ng kwalitatibong disenyo na may penomenolohiyang pagdulog. Ang kwalitatibong pag-aaral ay isang napapanahong suliranin na kinabibilangan ng ilang mga indibidwal o pangkatang samahan na nahaharap sa mga panlipunan o pansariling karanasan sa buhay. Ito ay isang hakbang sa pagtuklas at maging maunawaan ang mga suliraning kinasangkotan ng isang tao (Cresswell, 2013). Ayon sa ilang pahayag ng mga dalubhasa pananaliksik, ito ay isang mahusay na pamamaraan tungo sa paghalungkat ng mga suliraning panlipunan na tumuturing maging sa

pangangalap ng mga datos sa karaniwan nitong kalagayan na ginagamitan ng pasaklaw na estratehiya sa pananaliksik at ang bawat punto ng paksa ay binigyang diin (Bogdan & Biklen, 2007). Isang penomenolohiyang pagdulog ang ginamit sa pag-aaral na ito. Binibigyang-diin ng dulog ang mga sikolohikal na mga sulranin at pag-unawa sa mga pananaw ng mga partisipante. Ayon kay Elo et al., (2015), ang pangangalap ng mga tumpak na datos sa mga partisipante ay katuwang ang mananaliksik para sa mabisang pangangalap at upang mas maunawaan pa lalo ang mga karanasan ng mga partisipante. Sa karagdagan, ito ay dulog na nakadisenyo para sa kwalitatibong pag-aaral na maaaring gamitin sa pangangalap ng mga datos sa pamamagitan ng saloobin, opinyon o karanasan ng mga partisipante sa pag-aaral (Cresswell, 2013).

### PARTISIPANTE NG PAG-AARAL

Labing-apat (14) na mga partisipante mula sa piling mag-aaral sa ikalawang taon na kumuha ng kursong Batsilyer sa Sekondaryang Edukasyon Mayoryang Filipino ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology (KCAST) ang kasali sa pag-aaral na ito. Sa labing-apat (14) na kalahok, pito (7) ang sumailalim sa malalimang panayam at ang pitong (7) natitira ay lumahok sa pangkatang talakayan. Kinubli rin ang mga pangalan ng mga kalahok dahil ang pananaliksik na ito ay medyo kontrobersyal para sa mga kalahok. Binigyan ng *assumed name* ang bawat partisipante upang hindi mabunyag ang kanilang tunay na pagkakakilanlan.

Ang penomenolohiyang pananaliksik ay may antas na kredibilidad na kinakailangan sa panayam sa pag-aaral at sapat na mga tao upang makuha ng isang mahusay na datos sa ginanap na pag-aaral. Ang kabuoang partisipante sa pananaliksik na ito ay labing-apat (14) at ito ay nakabatay sa pag-aaral ni Creswell (2013).

Kalakip nito, para sa pagpili sa mga partisipante sa naturang panayam ang mananaliksik ay naglika ng pamantayan upang matukoy kung sino-sino ang mga kabilang sa pag-aaral. Isa sa naging pamantayan ng mananaliksik sa pagpili ay dapat ang mag-aaral ay dumanas ng pagkabalisa sa pagsasalita sa birtuwal. Ang



naging resulta ng pag-aaral na ito ay tumugma sa naging karanasan ng mga piling mag-aaral na dumanas ng pagkabalisa sa pagsasalita sa birtuwal na hapag. Ang mga partisipante ay nakapokus sa Batsilyer sa Sekondaryang Edukasyon Mayoryang Filipino sa Ikalawang Taon sa institusyon ng KCAST at ang mga partisipante ay hindi sapilitang pinilit o pinuwersa.

Ayon kay Patton (2002) ang *purposive sampling* o kilala rin bilang *purposive* at *selective sampling* ay isang *sampling technique* na ginagamit sa mga kwalitatibong pananaliksik para makalikom ng mga partisipante sa pag-aaral upang makapagbigay ng malalim at detalyadong impormasyon tungkol sa penomenon na siniyasat. Ang ganitong uri ng pamamaraan ay kilala rin bilang paghatol, pagpili o pansariling pagpili. Bilang karagdagan, pinaghalong mga babae at lalaki ang mga partisipante sa ginawang pag-aaral na ito at boluntaryong nakilahok sa pananaliksik na may karanasan sa pagkabalisa sa pagsasalita sa birtuwal na hapag particular sa *online class*. Ang mga pangalan ng mga kalahok ay sinigurado ng mananaliksik na hindi mabunyang para sa etikal na pagsasaalang-alang. Ang mga alyas at *code* o *pseudonyms* ay ginamit bilang pamalit sa kanilang pangalan. Sa pamamagitan nito, hindi mag-aalinlangan ang mga partisipante na magbigay ng mga impormasyon at pagsagot sa mga inihandang katanungan ng mananaliksik at matiyak ng bawat kalahok ang pagiging kompidensyal ng kanilang pagkakakilanlan sa buong pag-aaral.

## PAMAMARAAN SA PANGANGALAP NG MGA DATOS

Sa pangangalap ng datos para sa pananaliksik, isinagawa ng mananaliksik ang iba't ibang pamamaraan tulad ng pakikipanayam, pagsiyasat, at pangangalap ng mga ebidensya. Ang kwalitatibong pamamaraan ay ginamit upang makuha ang malalim na pag-unawa sa karanasan ng mga partisipante. Ang interpretasyon, pagbabasa, paglalarawan, at pagsasalin ng mga datos ay naging mahalagang bahagi ng proseso ng pag-aaral.

Sa kwalitatibong pananaliksik, ang mga datos ay nakuha mula sa pakikipanayam sa mga

partisipante. Ang purposive sampling ay ginamit upang piliin ang mga partisipante base sa kagustuhan at kakayahan nilang makatulong sa pag-aaral. Sinigurado ng mananaliksik na ang mga partisipante ay maayos na na-orient sa layunin ng pananaliksik at naintindihan ang mga kondisyon ng kanilang pagsali.

Ang oryentasyon sa mga partisipante ay isinagawa gamit ang Google Meet, at tiniyak na ang lahat ng impormasyon ay pribado at kompidensyal. Bago ang panayam, isinagawa ang maingat na paghahanda at pagsiguro sa kaligtasan ng lahat sa gitna ng umiiral na pandemya. Ang pag-record ng panayam ay ginawa para masusing makuha ang mga detalye ng mga sagot.

Matapos ang panayam, ang mananaliksik ay nagtrabaho sa pagsalin ng mga datos at pagsusuri sa tematikong nilalaman. Ang pagsunod sa alituntunin ng Inter-Agency Task Force on Emerging Infectious Diseases (IATF-EID) ay ginamit para masiguro ang kaligtasan ng lahat sa oras ng pananaliksik.

Ang buong proseso ng pangangalap ng datos ay nagsilbing pundasyon para sa masusing pagsusuri at interpretasyon ng mga resulta. Ang malasakit sa kaligtasan ng mga partisipante, ang maingat na pagsunod sa etikal na pamantayan, at ang maingat na proseso ng pagsusuri ay nagtutulong upang makuha ang makabuluhang impormasyon hinggil sa takot at pagkabalisa sa pagsasalita sa birtuwal na hapag.

## PAGSUSURI NG MGA DATOS

Sa pagsasaliksik, maingat na sinuri ng mananaliksik ang nakalap na mga datos ayon sa nais at pangangailangan ng pag-aaral. Inilahad dito ang sapat na pagsusuri sa mga binahaging tugon ng partisipante para sa mga resulta. Layunin sa pag-aanalisa ng mga datos ay hanapin ang mga payak na idea nang masagot ang mga katanungan sa pag-aaral. Sa punto ng pagsasaliksik, ang kwalitatibong pag-aanalisa ng mga datos ay may paraan na sinusunod. Ang *data coding* at *thematic analysis* ay mga pamamaraan at hakbangin na magagamit ng mga mananaliksik sa pag-analisa ng mga datos (Khan, 2022). Sa kwalitatibong pananaliksik, ang *data coding* sa pag-aaral ay





nagbibigay kahulugan sa pagtala ng mga lebel at code sa mga bahagi o parte ng mga hanay na nauugnay sa mga suliranin ng pag-aaral. Naglalayon ang coding na bawasan at paikliin ang mga datos na nakuha sa pamamaraan ng pagkumpuni mula sa mga datos na nakuha at sa ginawang panayam sa mga detalyadong mga tugon na nakalap. Ito ay ginawa upang mas organisadong itala at balangkasin ang mga impormasyon (Khan, 2020).

Ang tematikong pamamaraan ng pag-analisa ang sunod na ginawa ng mananaliksik sa pag-aaral. Uri ito ng kagamitan para sa pagbibigay ng interpretasyon at organisadong mga tema sa pananaliksik (Akinyode, 2018). Mahalaga ang mga pamamaraan na ito dahil sinusuri nito nang maayos ang teorya sa isang pananaliksik at maging ang mga nakapaloob na kahulugan sa isang teksto. Ang tematikong pag-aanalisa sa loob ng pag-aaral ay may malaking responsibilidad na kinakailangang gampanan. Ito ay pamamaraan na ginagamit ng mananaliksik sa malawakang pagtatasa ng isang kwalitatibong pag-aaral (Braun & Clarke, 2016). Ayon pa sa kanila, isa itong pangunahing pamamaraan ng pagsuri na kailangang tukuyin, mailarawan ang katatagan at husay ng isang pag-aaral.

**RESULTA AT PAGTATALAKAY**

**1. Mga karanasan ng mga mag-aaral sa Ikalawang Taon ng Batsilyer ng Sekondaryang Edukasyon Mayoryang Filipino ng KCAST sa pagsasalita sa birtuwal na hapag**

Ang mga pangunahing tema at core ng mga idea para sa pananaliksik na tanong bilang 1 ay ipinakita sa Talahanayan 2. Ang mga kalahok ay may kani-kaniyang tugon tungo sa kanilang mga karanasan sa pagsasalita sa birtuwal na hapag. Mula sa mga sagot ng mga kalahok, apat na pangunahing tema ang lumitaw: Takot sa Negatibong Paghuhusga, Kawalan ng Koneksyon sa Birtuwal na Hapag, KOMPIYANSANG MAGSALITA KAPAG OFF-CAM AT PANINIBAGO SA BAGONG MODALIDAD.

**Talahanayan 1**

Tema at mga Idea sa mga Karanasan ng mga Mag-aaral sa Ikalawang Taon ng Batsilyer ng Sekondaryang Edukasyon Mayoryang Filipino ng KCAST sa Pagsasalita sa Birtuwal na Hapag

Mga Pangunahing Tema	Mga Pangunahing Idea
Takot sa Negatibong Paghuhusga	<ul style="list-style-type: none"> <li>Takot sa tuwing magbigay ng pagkakatotohan na magsalita baka anong sabihin o isipin ng mga kamag-aral. (FGD_07)</li> <li>Mararaming pagkakatotohan kapag binabawag ng guro ay bigla-bigla na lang lilisan sa hapag dahil sa nararamdamaning abala, hindi sigurado na baka mali ang magbigay na sagot o mahusgahan ng mga kamag-aral (FGD_03)</li> <li>Ilalay mga panatilihan na naitatag kapag nakabuwag ang aming kamera. Baka anong isipin ng iba, dapat pa ang ibang guro nito sa tuwing magsasalita na. (IDL_02)</li> <li>Naitatag misas kung magsasalita o magbibigay ng sagot dahil baka mahusgahan o masuna ng ibang mag-aaral. (IDL_07)</li> <li>Minsan nauulat dahil andon ang pressure na baka ang sagot na ibibigay ko ay mali sa pananaw ng iba. (FGD_01)</li> </ul>
Kawalan ng Koneksyon sa Birtuwal na Hapag	<ul style="list-style-type: none"> <li>Apel-agoat na lisan sa online class dahil sa mahinang internet connection at kung minsan hindi na nakakasagot sa mga katanungan ng guro dahil hindi malinaw ang mga salita na aking narating dulot ng mahinang internet connection. (IDL_01)</li> <li>Nakawawala ng gano kapag malina ang internet connection dahil hindi malinaw ang boses na aking ibibigay. (IDL_02)</li> <li>Isang pagsubot dahil hindi kompatible ang mangyayari sa loob ng birtuwal na hapag, hindi malawakang pagbibigay na lang makawala dahil sa mahinang internet connection. (FGD_01)</li> <li>Biglaang nawawala ang internet connection na nagdululot ng hindi makapagsalita nang maayos sa birtuwal na klase. (IDL_02)</li> <li>Nakakalanganing mayang ang mga pagkakatotohan na bigla-bigla ang nawawala ang internet connection sa tuwing magbibigay ka na ng sagot o lisa na nagdululot ng pagkakatotohan ng ibang boses at hindi ko na marinig ang mga boses ng ibang magsasalita. (IDL_04)</li> </ul>
Kompiyansang Magsalita kapag Off-cam	<ul style="list-style-type: none"> <li>Kapag nakapalay ang kamera ay nagdululot ito ng kaunting kaba na nagbibigay - kompiyansa na makapagsalita sa birtuwal na hapag. (IDL_02)</li> <li>Dahil sa birtuwal na hapag ay nakakapalapa ka sa likod ng kamera at nakakasagot sa mga katanungan ng guro na walang pagpaliwanag, hindi kasulit sa tradisyonal na pamamaraan na harap-harapan mong makikita ang guro. (IDL_02)</li> <li>Nagbibigay ng kompiyansa ang magsalita sa birtuwal na hapag kapag makakas ang internet connection at bukod pa ito ay masari kang magbigay dahil hindi nakikita ang ibang mukha kapag sasagot na. (FGD_04)</li> <li>Sa birtuwal na hapag ay hindi na nakikita ng ibang mga kaibala kapag magsasalita at maraming maghahanap ng mga sagot dahil ang pagpaliwanag. (IDL_01)</li> <li>Nakapaliwanag ng mga nag-aaral dahil nakapalay lamang ang kamera at nakakasagot na hindi mayadong nakapaliwanag. (FGD_08)</li> </ul>
Paninibago sa Bagong Modalidad	<ul style="list-style-type: none"> <li>Isa sa nagbibigay - kaba at pagpaliwanag ay ang hindi hanap sa tuwing may online class at hindi ko nakukuha agad-agad ang mga kaalamang tinuturo ng guro dahil hindi ko ita kung dapat sino magbigay. (FGD_05)</li> <li>Hindi pa sanay sa pagsasalita sa gentong uri ng pamamaraan, ngunit pinilit na masanay at pinilit na magbigay makas sa pagsasalita sa birtuwal na hapag. (IDL_04)</li> <li>Narinigago dahil sa pagkakaroon ng online learning na nagresulta sa pagkakaroon ng kaba kapag magsasalita na sa birtuwal. (IDL_05)</li> <li>Nakararamdaman ng kaba sa tuwing nagkakaroon ng online class, sapagkat hindi sanay sa gentong paraan ng pagsasalita sa loob ng klase. (IDL_05)</li> <li>Nagkakaroon ng mga pakiramdam na kinkakaran, naitatag at hindi malawakang magsalita dahil hindi sanay kapag magsasalita sa birtuwal na hapag. (IDL_07)</li> </ul>

Unang tema na nabuo ay takot sa negatibong paghuhusga. maisasalamain na karamihan sa mga mag-aaral ay hirap magsalita pagdating sa birtuwal na hapag sa kadahilanang takot sila sa mga negatibong paghuhusga na natatanggap nila sa kanilang kapwa kamag-aral o sa kanilang guro. Ang negatibong paghuhusga ay nagdululot ng hindi magandang resulta sa pagtamo ng kahusayan ng mga mag-aaral sa kanilang akademikong pagkatuto na humahantong sa pagkabalisa at kawalan ng mga mag-aaral sa pakikilahok sa mga aktibidad sa loob ng birtuwal na hapag. Nauugnay ito sa ikalawang tema at ito ay kawalan ng koneksyon sa birtuwal na hapag, na kung saan napakalaking balakid na madiskonekta sila sa birtuwal na hapag dahil hindi na nila alam kung anon a ang nangyayari sa kanilang klase at baka sila ang matawag ng guro at wala silang maisagot. Hirap silang magsalita sa tuwing sasagot na o magbibigay ng idea sa birtuwal na talakayan dahil bigla-bigla na lang silang lilisan. Ang ikatlong tema naman ay kompiyansang



magsalita kapag *off-cam*, ang pagsasalita sa likod ng kamera ay nakapagbibigay ng malaking kompiyansa sa mga mag-aaral na sumagot. Ang ilan sa kanila ay nagkakaroon ng pagkakataon na magsaliksik at makapaghanda. At ang ikaapat na tema ay paninibago sa bagong modalidad, maraming mag-aaral ang naninibago sa bagong modalidad hatid ng pandemya. Ang bagong sistema ng edukasyon ay nagbigay ng bagong suliranin na siyang malaking hamon sa mga kabataan na umayon sa mga bagbabagong nagaganap. Karamihan sa kanila ay hindi sanay na magsalita sa birtuwal na hapag. Kinakabahan, nagkakaroon ng takot at hindi maiwasang mabalisa sa tuwing nagkakaroon ng *online class* dahil sa paninibago. Idiniin ni Fojtik (2018), may ilang mga kahinaan patungkol sa *distance learning* at *e-learning*. Nagkakaroon ng paninibago ang ilan sa pagkonekta sa birtuwal na hapag at kahirapan sa pagsabay sa modalidad. Ito ay malaking hamon na kinakaharap ng mga guro at mag-aaral na wala masyadong alam sa makabagong pamamaraan ng pagkatuto.

**2. Paano nakayanan ng mga mag-aaral sa Ikalawang Taon ng Batsilyer ng Sekondaryang Edukasyon Mayoryang Filipino ng KCAST ang kanilang takot at pagkabagabag sa pag-sasalita sa birtuwal na hapag**

Ang mga pangunahing tema at mga idea para sa pananaliksik sa tanong bilang 2 ay ipinakita sa Talahanayan 3. Ang mga kalahok ay may kani-kaniyang tugon sa kung paano nila nakayanan ang kanilang takot at pagkabalisa sa pagsasalita sa birtuwal na hapag. Ayon sa mga datos na nakuha sa mga partisipante, apat na pangunahing tema ang nabuo: Paghahanda sa Birtuwal na Talakayan, Pagiging Mahinahon sa Pagsasalita sa Birtuwal na Hapag, Sinanay ang Sarili sa Pagsasalita sa Birtuwal na Hapag at Pagtataglay ng Positibong Kamalayan sa Birtuwal na hapag.

**Talahanayan 3**

*Tema at mga Idea kung Paano Nakayanan ng mga Mag-aaral sa Ikalawang Taon ng Batsilyer ng Sekondaryang Edukasyon Mayoryang Filipino ng KCAST ang kanilang Takot at Pagkabagabag sa Pagsasalita sa Birtuwal na Hapag*

Mga Pangunahing Tema	Mga Pangunahing Idea
Paghahanda sa Birtuwal na Talakayan	<ul style="list-style-type: none"> <li>Nakatutulong ang maghanap ng mga babasahin at pagsusulat ng iyong mga nabasa dahil ito ang isa sa makatutulong sa iyo na maging handa sa birtuwal na hapag. (IDI_04)</li> <li>Bago ang <i>online class</i> ay pag-aralan muna ang mga leksyon. Iniwasan ang malabisang pag-iisip ng mga bagay-bagay. Ipanatag ang loob at magsasaliksik tungkol sa mga leksyon. (FGD_06)</li> </ul>
Pagiging Mahinahon sa Pagsasalita sa Birtuwal na Hapag	<ul style="list-style-type: none"> <li>Maging kalmado, para hindi manginig o kabahan kapag magsasalita na sa birtuwal na hapag (IDI_04)</li> <li>Paghinga nang malalim at pagsasalita nang mabagal para hindi mawala ang idea at makapag-isip pa ng susunod na sasabihin. (FGD_02)</li> </ul>
Pagsanay sa Sarili sa Pagsasalita sa Birtuwal na Hapag	<ul style="list-style-type: none"> <li>Magsalita sa harapan ng salamin, dahil isa itong ehersisyo na kailangan natin para mas mapabuti ang iyong kakayahan. Magkaroon ng tiwala sa sarili sa pamamagitan nang pagsasalita nang buong lakas. (IDI_01)</li> <li>Nag-eensayo, kung hindi marunong magsalita ay mapapraktis din naman natin ito. (IDI_03)</li> </ul>
Pagtataglay ng Positibong Kamalayan sa Birtuwal na hapag	<ul style="list-style-type: none"> <li>Nagkakaroon ng positibong pag-iisip kapag sumasagot sa mga katanungan ng guro upang mailahad ang mga idea nang maayos. (FGD_01)</li> <li>Palaging iniisip na makakaya ang mga hamon na ito at upang hindi mahalata ang boses na kinakabahan kapag nagsasalita sa birtuwal na hapag. (FGD_6)</li> </ul>

Unang tema na nabuo ay paghahanda sa birtuwal na talakayan. Nagbigay-tulung ang pagsasaliksik upang maging panatag at handa sila sa birtuwal na talakayan. Naghahanap at naghahagilap ng mga impormasyon ayon sa kanilang leksyon para hindi sila mabalisa, mangamba o matakot sa tuwing nagkakaroon na sila ng *online class*. Ikalawang tema ay pagiging mahinahon sa pagsasalita sa birtuwal na hapag, aa kabila ng pagkakaroon ng mga nararamdamang kaba, takot, pagkabalisa at pagkabagabag sa tuwing magsasalita sa birtuwal na hapag ay kinaya pa rin nila ang ang mga hamong ito. Maliban sa paghahanda sa tuwing magkakaroon ng birtuwal na talakayan, ang mahinahong pagsasalita ay isang pamamaraan din na kanilang ginawa upang mabawasan ang pagkabalisa. Ikatlong tema naman ay sinanay ang sarili sa pagsasalita sa birtuwal na hapag, ang pagsasanay ay isang hakbang tungo sa kahandaan. Isa itong ehersisyo tuwing magsasalita sila sa birtuwal na hapag dahil napapanatag nito ang kanilang mga loob. Ang



pagsasanay ay nakapagbibigay lakas ng loob na maging komportable at maging panatag kapag nagkakaroon na sila ng birtuwal na talakayan. At ang pang-apat na tema na nabuo ay pagtataglay ng positibong kamalayan sa birtuwal na hapag, ang positibong pag-iisip sa tuwing nagkakaroon sila ng birtuwal na talakayan ay nakatutulong upang makapag-isip ng mga idea, makasagot nang maayos at hindi mabalisa kapag tinatawag ng guro. Humantong sa matagumpay na mga resulta ang naging pag-aaral ni Gold (2019), ang mga pamamaraan katulad ng paghahanda, pagkakaroon ng positibong pag-iisip at pagwawasto sa mga kamalian na ginagamit sa mga *online learning* ay nagpapahiwatig ng mataas na ekspektasyon sa mga estudyante. Ang matiwasay na kamalayan sa oras ng pagtuturo ng guro ay nakapagbibigay gana na makuha kaagad ang mga impormasyong nais ipabatid ng guro.

**3. Pananaw ng mga mag-aaral sa Ikalawang Taon ng Batsilyer ng Sekondaryang Edukasyon Mayoryang Filipino ng KCAST na may takot at pagkabalagabag sa pagsasalita sa birtuwal na hapag**

**Talahanayan 4**  
 Tema at mga Idea sa mga Pananaw ng mga Mag-aaral sa Ikalawang Taon ng Batsilyer ng Sekondaryang Edukasyon Mayoryang Filipino ng KCAST na may Takot at Pagkabalagabag sa Pagsasalita sa Birtuwal na Hapag

Mga Pangunahing Tema	Mga Pangunahing Idea
Pagtataglay ng Tiwala sa Sarili sa Birtuwal na Hapag	<ul style="list-style-type: none"> <li>Kinakailangan na may tibay ng loob. Magkaroon ng tiwala sa sarili dahil kapag wala kang tiwala sa sarili ay mahihirapan kang magsalita sa birtuwal na hapag. (ID1_01)</li> <li>Kinakailangan na magkaroon ng tatag ng loob at maging determinado sa sarili. Dapat buo ang pagtiwala sa sarili, dahil walang makatutulong sa iyo kundi ang sarili mo lamang. (ID1_07)</li> </ul>
Aktibong Pakikilahok sa Birtuwal na Talakayan	<ul style="list-style-type: none"> <li>Kinakailangang sumagot kahit na may takot na nararamdam. Ang takot ay sa umpisa lamang kaya huwag magpadala sa mga emosyon at makilahok sa mga gawain dahil makapagbibigay ito ng motibasyon. (ID1_03)</li> <li>Hindi na ako nag-aalinlangan na sumagot dahil hindi naman nakikita ang aking mukha kaya't dapat ay sumagot ka. (ID1_04)</li> </ul>
Pagtataglay ng Inspirasyon mula sa Pamilya at mga Kaibigan	<ul style="list-style-type: none"> <li>Nakatulong ang mga motibasyong galing sa aking mga kamag-aral. Pangalawa ay pamilya na laging andiyan na sumusuporta sa aking pag-aaral. (FGD_06)</li> <li>Ang tulong na galing sa pamilya at mga kaibigan na laging nasa aking labi na naging positibo sa kanilang mga reaksyon. (ID1_06)</li> </ul>
Pagkakaroon ng Kawilihan sa Motibasyon ng Guro	<ul style="list-style-type: none"> <li>Nahihikayat akong magsalita dahil nagbibigay ng mga motibasyon ang aming guro na magsalita sa birtuwal na hapag. (ID1_02)</li> <li>Nakatulong ang motibasyong galing sa aming guro. Isa ito sa mga kailangan ng mga mag-aaral upang mas lumibay at maging mas produktibo ang pagsasalita sa pamamagitan ng birtuwal na hapag. (ID1_01)</li> </ul>

Ang mga pangunahing tema at mga idea para sa pananaliksik na tanong bilang 3 ay ipinakita sa

Talahanayan 4. Ang mga kalahok ay may kani-kaniyang tugon tungo sa kanilang pananaw sa pagsasalita sa birtuwal na hapag. Hango sa mga datos na nakuha sa mga partisipante, apat na pangunahing tema ang nabuo: Pagtataglay ng Tiwala sa Sarili sa Birtuwal na Hapag, Aktibong Pakikilahok sa Birtuwal na Talakayan, Pagtataglay ng Inspirasyon mula sa Pamilya at mga Kaibigan at Pagkakaroon ng Kawilihan sa Motibasyon ng Guro.

Unang tema na nabuo ay pagtataglay ng tiwala sa sarili sa birtuwal na hapag. Isa sa nagbibigay lakas ng loob sa bawat mag-aaral ay ang pagtataglay ng tiwala. Ang pagkakaroon ng tiwala sa sarili ay nakahuhubig ng kompiyansa na magsalita sa birtuwal na hapag na walang pag-aalinlangan. Ang pagtataglay ng tiwala sa sarili ay magdadala sa mga mag-aaral tungo sa gusto nilang tunguhin. Ang ikalawang tema ay nauugnay sa aktibong pakikilahok sa birtuwal na talakayan, ang maging aktibo sa paglahok sa birtuwal na talakayan ng guro ay nakatataas ng kawilihan at ganang makiisa, lalo na kung ang lahat ng mga estudyante sa loob ng talakayan ay nawiwili sa kaganyakan na naibibigay ng guro sa bawat talakayan. Ang pagbahagi ng mga idea sa birtuwal na talakayan ay isang malaking gampanin sa paghasa ng iyong sariling pag-unawa sa talakayan. Ang ikatlong tema ay pagtataglay ng inspirasyon mula sa pamilya at mga kaibigan, ang mga tulong at gabay mula sa pamilya at mga kaibigan ay siyang nagbibigay inspirasyon sa kanila na maging matapang at magpatuloy sa pag-aaral. Ang mga inspirasyong ito ay kanilang naging sandigan upang kayanin ang mga balakid na kanilang kinakaharap sa pagsasalita sa birtuwal na hapag. At ang ika-apat na tema ay tungkol sa pagkakaroon ng kawilihan sa motibasyon ng guro, napakalaking tulong na ibinibigay ng mga guro sa mga mag-aaral na may pagkabalang nararamdaman, ang motibasyon at mga positibong reaksyon na ipinapakita ng guro ay isang lunas para maibsan ang takot at pagkabalang nadarama ng mga mag-aaral. Dagdag pa nina Abdullah at Rahman (2020), sa pag-aaral ng University Technology sa Malaysia, upang mabawasan ang pagkabalisa kinakailangang tumaas ang lebel ng kompiyansa ng mga estudyante. Kailangang matukoy ng mga mag-



aaral ang mga pananaw sa pakiramdam ng karanasan ng pagkabalisa kapag nagsasalita sa birtuwal na hapag. Ang angkop na paggamit ng mga paraan ng pagtuturo at pagbuo ng tiwala sa sarili, mga kalakasan na nagbibigay motibasyon sa kanila ay makatutulong na mabawasan ang kanilang pagkabalisa.

## KONKLUSYON

Tinutukoy ng pananaliksik na ito ang danas ng mga mag-aaral sa pagsasalita sa birtuwal na hapag. Ang pagkakaroon ng takot at pagkabalisa ay isang hamon na nararanasan ng iilang mga mag-aaral sa pagsasalita sa birtuwal na hapag. Ito ay kinakailangan at napakahalagang matutukan lalo na sa panahong ito na lagapan ang *online class*. Dahil sa mabilisang pagbabago sa pamamaraan ng pagkatuto at upang makasabay pa rin sa daloy ng pandemya ang sistema ng edukasyon ay nagkaroon ng *distance learning*, *blended learning*, *online class* at iba pang mga pamamaraan para maipagpatuloy ang edukasyon sa bansa. Karamihan sa mga mag-aaral ay nanibago sa bagong sistema, hirap makiayon at ang iba ay halos hindi makasabay. Ilan sa kanila ay huminto muna sa kanilang pangarap na makapagtapos ng pag-aaral at karamihan ay nagpursige at nagpatuloy sa agos ng edukasyon sa panahon ng pandemya. Nararapat itong pag-aralan at pagtuonan ng pansin para makita at malaman ang mga kadahilanan kung bakit marami pang mga mag-aaral ang nababalisa sa pagsasalita sa birtuwal na hapag.

Ang resulta sa nabuong mga tema sa bawat katanungan ay nagpakita ng samu't saring karanasan na hinarap ng mga mag-aaral sa pagsasalita sa birtuwal na hapag. Sa unang katanungan ay may nabuong apat na pangunahing tema. Una ay takot sa negatibong paghuhusga, ang negatibong paghuhusga ay nagbigay ng hamon at balakid sa sikolohikal na pag-iisip ng mga kabataan para sila ay hindi makapagsalita at mabalisa sa birtuwal na hapag. Ang ganitong uri ng problema ay nangangailangan ng karampatang solusyon dahil labis itong nakaaapekto sa pagtam ng

tagumpay ng mga mag-aaral. Pangalawa, kawalan ng koneksyon sa birtuwal na hapag, labis na nahahirapan ang iilang mga mag-aaral na komonekta sa birtuwal dahil sila ay nasa malalayong lugar at hirap makahanap ng malakas na signal upang maka-access sa birtuwal na hapag. Dulot nito ang mga mag-aaral ay bigla-biglang liliban sa birtuwal dahil sa mahinang koneksyon. Ang maayos na koneksyon ay may malaking gampanin sa *online class* para ang mga estudyante ay makilahok sa birtuwal na talakayan. Pangatlo, kompiyansang magsalita kapag *off-cam*, nagaganahan ang mga mag-aaral na magsalita sa birtuwal na hapag kapag sumasagot sa mga katanungan ng guro dahil panatag silang magsalita kung ang kamera nila ay nakapatay lamang. Pang-apat, paninibago sa bagong modalidad, ang halos hindi makasabay sa bagong sistema ng edukasyon dahil bago sa kanila ang ganitong uri ng pagkatuto. Ang iba ay hindi pa sanay at hirap sa mga pagtatalakay ng guro kung ikukumpara sa tradisyonal na pamamaraan ng pagkatuto. Ito ay nangangailangan ng karampatang solusyon upang ang pagkabalisa ng mga mag-aaral ay mabawasan at mas makapagpokus pa sa kanilang pag-aaral.

Sa pangalawang katanungan, may apat naman na pangunahing tema ang nabuo. Una, paghahanda sa birtuwal na talakayan, may kapanatagan sa sarili at nababawasan ang kanilang pagkabalisa kapag sila ay nakapaghanda sa loob ng birtuwal na talakayan. Pangalawa, pagiging mahinahon sa pagsasalita sa birtuwal na hapag, ang pagiging mahinahon sa loob ng birtuwal na hapag ay nagbibigay lakas ng loob sa mga mag-aaral para makapagsalita ng walang pag-aalinlangan. Pangatlo, pagsanay sa sarili sa pagsasalita sa birtuwal na hapag, bukod sa paghahanda at pagiging mahinahon ay nag-eensayo ang mga mag-aaral kung paano sila magsalita sa birtuwal na hapag para mahasa nila ang kanilang sarili kapag sila na ay nasa aktuwal na talakayan. Pang-apat, pagtataglay ng positibong kamalayan sa birtuwal na hapag, ang pagkakaroon ng positibong kamalayan, kapanatagan sa pag-iisip sa pagsasalita at pagsagot sa mga katanungan ng guro ay isang





paraan para maalis sa isipan nila ang pagkabalisa at mga negatibong paghuhusga.

Sa pangatlong katanungan, may apat din na pangunahing tema ang lumitaw. Una, pagtataglay ng tiwala sa sarili sa birtuwal na hapag, ang pagtataglay ng tiwala sa sarili ay may malaking gampanin upang magkaroon sila ng lakas ng loob para makapagsalita ng buong lakas sa birtuwal na hapag na walang pagdududa sa mga pagkakataon na sila ay magbibigay ng sagot. Pangalawa, aktibong pakikilahok sa birtuwal na hapag, aktibo at gigil sa mga aktibidad ng guro ang mga kabataan dahil nakahihimok ang kanilang kaisipan na makiisa at makilahok sa talakayan ng guro. Dahil sa pagiging aktibo nila sa loob ng talakayan ay nababawasan ang kanilang pagkabalisa sa pagsasalita sa birtuwal na hapag. Pangatlo, pagtataglay ng inspirasyon mula sa pamilya at mga kaibigan, ang mga positibong reaksyon na binibigay at ipinapakita ng mga pamilya at mga kaibigan ay napakalaking tulong upang malampasan nila ang kanilang mga balakid sa pagsasalita. Ang mga positibong reaksyon na nanggagaling mismo sa kanilang minamahal ay nagbibigay lakas na magpatuloy at magpursige. Pang-apat, pagkakaroon ng kawilihan sa motibasyon ng guro, ang guro ay ang pangalawang magulang na siyang nagbibigay gabay at humuhubog sa kakayahan ng mga kabataan. Ang magandang partisipasyon ng guro at pagkakaroon ng mga motibasyon ay nagbibigay lakas at nagbibigay kawilihan na siyang nakababawas sa pagkakaroon ng takot pagkabalisa ng mga mag-aaral.

Nagsiwalat ang mga resulta na maraming kabataan na hirap pa ring magsalita sa birtuwal na hapag dahil sa takot sa negatibong paghuhusga, kawalan ng koneksyon, pagkamulat sa bagong modalidad, emosyong namumutawi, hindi handa sa birtuwal na hapag at marami pang iba na nagdudulot ng hindi magandang kinalabasan sa pagkatuto.

## REKOMENDASYON

Ang pagiging kapaki-pakinabang ng pananaliksik na ito ay nakasalalay sa mga katotohanang inaalok nito hinggil sa mga dahilan kung bakit nakaranas ng takot at pagkabalisa ang

mga kabataan sa pagsasalita sa birtuwal na hapag. Lubos na makikinabang sa pananaliksik na ito ang Commission on Higher Education (CHED), ang kinalabasan at mga resulta ng pag-aaral ay maaaring gamitin ng mga awtoridad upang maibigay ng malawak na kailangan para mabigyan nang mas seryosong atensyon ang isyu. Maaari itong magamit sa anyo ng isang *frame of reference* na kinalakipan ng mga estratehiya at rekomendasyon para matugunan ang *phenomenon* ng pagkabalisa.

Higit pa rito, sa mga administrador ng paaralan ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology (KCAST), maaari nilang gamitin ang mga resulta sa pagbuo at disenyo ng kurikulum ng kurso upang pag-isahin at palakasin ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto sa tulong ng mga programa at mga hakbangin na tutugon sa pangangailangan at pag-unlad ng mga mag-aaral maging sa hinaharap. Dagdag pa, para sa mga Guro, dahil malalaman nila ang tunay na mga dahilan ng takot ng mga mag-aaral sa pagsasalita sa birtuwal na hapag kaya, sa kalaunan ay maaaring gumawa ng mga posibleng hakbang, interbensyon, at mga aksyon na makakatulong sa pagpapagaan ng takot at pagkabalisa.

Bilang karagdagan, labis na makikinabang ang mga kalahok at lalo na ang mga Mag-aaral para sa kanilang kakayahan sa pagsasalita na masuri sa parehong oras ng pagtatasa ng mga dahilan sa likod ng kanilang takot at pagkabalisa sa pagsasalita sa birtuwal na hapag lalong-lalo na kapag nagkakaroon sila ng *online class*. Bilang pagwawakas, ang mga Mananaliksik sa hinaharap. Ang pananaliksik na ito ay makakabenepisyo sa mga mag-aaral sa hinaharap dahil maaring maggamit nila ito bilang gabay o sanggunian sa pananaliksik sa hinaharap na maging konektado sa paksang ito.

Ang resulta ay nagsiwalat ng solidong ebidensya hinggil sa danas ng mga piling mag-aaral sa pagsasalita sa birtuwal na hapag sa Ikalawang Taon ng Batsilyer ng Sekondaryang Edukasyon Mayoryang Filipino sa Institusyon ng KCAST. Nagsisilbing hamon ang pag-aaral na ito sa lahat ng mga guro na may mag-aaral na may takot at pagkabalisa sa pagsasalita sa birtuwal na hapag. Ang pagkabalisa na ipinapakita sa pag-aaral na ito ay lubos na nakaaapekto sa pagganap sa



komunikasyon ng mga estudyante na nagpapahiwatig na ito ay may negatibong epekto sa mga mag-aaral sa maraming paraan na kailangang matugunan upang mas mapabuti ang pagkatuto at pagtamo sa kanilang akademikong pagtagumpay. Ang agarang solusyon sa nasabing problema ay malaking tulong sa pag-unlad sa sitwasyong kinakaharap ng mga mag-aaral at mabawasan ang kanilang takot at pagkabalisa sa pagsasalita.

Samakatuwid, iminumungkahi ng mananaliksik na ang pagkabalisa pagdating sa pagsasalita sa birtuwal na hapag ay dapat na bigyang lalim at seryosohin upang mapabuti ang kalagayan, kasanayan at kakayahan sa pagkatuto. Higit pa rito, ito ay isang panawagan sa mga tagapagturo na lumikha ng isang *stress free*, palakaibigan, at suportadong kapaligiran sa pag-aaral. Sa Commission on Higher Education (CHED), anumang resulta ng pag-aaral na ito ay maaari ding magsilbing gabay at batayan ng mga bagong kurikulum na gagawin para sa pagsasama ng mga estratehiya at *repertoire* sa agarang solusyon sa takot at pagkabalisa na nasa pag-aaral na ito.

Bilang karagdagan, iminumungkahi rin na ang mga kaugnay na pananaliksik sa hinaharap tungkol sa ganitong uri na pananaliksik ay dapat na isagawa upang subaybayan ang mga resulta ng mga pagbabagong nagaganap hinggil sa pagkakaroon ng takot at pagkabalisa sa pagsasalita sa birtuwal na hapag ng mga mag-aaral. Gayun na rin ang pagpapanatili ng magandang ugnayan ng guro sa kanilang mag-aaral at higit na matutukan ang talakayan na walang mag-aaral ang maiiwan.

## TALASANGGUNIAN

- Abdullah, K & Abdul Rahman (2020). *Feedback, affect, and creative behavior: A multi-level model linking feedback to performance*. Arizon State University.
- Abbasi, A. M., Ahmed, S. R., Farooqi, A., & John, S. (2019). Exploring factors of speech anxiety in second language classroom. *Advances in language and literary studies*, 10(5), 97-102. <https://doi.org/10.7575/aiac.all.v.10n.5p.97>.
- Asyisyifa, A., Handyani, A. M., & Rizkiani, S. (2019). Students' speaking anxiety in EFL classroom. *Project Professional Journal of English*, 2(4), pp. 581-587.
- Akkakoson, S. (2016). Speaking anxiety in English conversation classrooms among Thai students. *Malaysian Journal of Learning and Instruction: Vol. 13*, 63-82.
- Brown, S. A., Venkatesh, V., & Goyal, S. (2016). Expectation confirmation in information systems research: A test of six competing models. *MIS Quarterly*, 38(3), 729-756.
- Bogdan, R., & Biklen, S. K. (2007). *Qualitative research for education: An introduction to theories and methods* (5th ed.). Prentice-Hall.
- Beck, A. T. (1976). *Cognitive therapy and the emotional disorders*. New York: International Universities Press.
- Baticulon, R. E., Sy, J. J., Alberto, N. R. I., Baron, M. B. C., Mabulay, R. E. C., Rizada, L. G. T., Tiu, C. J. S., Clarion, C. A. and Reyes, J. C. B. (2021). Barriers to online learning in the time of COVID-19: A national survey of medical students in the Philippines. *Medical science educator*. 1-12. <https://doi.org/10.1007/s40670-021-01231-z>.
- Creswell, J. W. (2007). *Qualitative inquiry and research design: Choosing among five approaches* (2nd ed.). Thousand oaks, CA: Sage Publication.
- Creswell, J. W. (2013). *Qualitative inquiry and research design: Choosing among five approaches* (Third ed.). Sage Publications, Inc.
- Ellis, A. (2016). Blended reality issue especially combining virtual worlds and face-to-face classes. *Curriculum, technology & transformation for an unknown future*, 129-140.
- Elo, S., Kääriäinen, M., Kanste, O., Pölkki, T., Utriainen, K., & Kyngäs, H. (2015). Qualitative content analysis. *SAGE Open*, 4(1), 215824401452263. <http://doi.org/10.1177/2158244014522633>.

Fatma B., & Ernawati, H. C. (2021). Yes, virtual presenting is weird. *Harvard business review*. Available at: [https://hbr.org/2020/11/yes-virtual-presenting-is-weird?utm\\_medium=em](https://hbr.org/2020/11/yes-virtual-presenting-is-weird?utm_medium=em) (Accessed November 4, 2021).

Fojtik, R. (2018). Problems of distance education. *International Journal of Information and Communication Technologies in Education*, 7(1), 16. [https://www.researchgate.net/publication/326545984\\_Problems\\_of\\_Distance\\_Education](https://www.researchgate.net/publication/326545984_Problems_of_Distance_Education).

Gold, S. (2019). A constructivist approach to online training for online teachers. *Journal of Asynchronous Learning Networks*, 5(1), 35–57.

Gritsonko V, Skugarevsky O, Konstantinov V, Khamenka N, Marinova T, Reznik A, et al., (2020). COVID 19 fear, stress, anxiety, and substance use among Russian and Belarusian university students. *International Journal of Mental Health and Addiction*. Doi: 10.1007/s11469-020-00330-z.

Horwitz, E. K., Horwitz, M. B., & Cope, J. (1986). Foreign language classroom anxiety. *The Modern Language Journal*, Vol. 70, No. 2 (Summer, 1986), pp. 125-132.

Khan, S. (2020). Qualitative Research: People, practices and phenomena (Vol. 30). *Publications of the University of Eastern Finland General Series*.

Mouton, J. (2016). How to succeed in your master's & doctoral studies: A South African guide and resource book. J L van Schaik Uitgewers / Publishers.

Nur, T. (2021). Factors contributing to speaking anxiety: A Case Study of Pre-Service English Teachers. *Journal of Educational Sciences Vol. 3 No. 3*, 412–422

Pichette, F. (2009). Second language anxiety and distance language learning. *Foreign language annals*, Vol. 42, No. 1, 77-94. Qualitative research methods: A data collector's field guide. Family health international, North Carolina, USA.

Sawchuk, C. N. (2017). Fear of public speaking: how can I overcome it? Available at: [https://www.mayoclinic.org/diseases-conditions/specific-phobias/expert-answers/fear-of-](https://www.mayoclinic.org/diseases-conditions/specific-phobias/expert-answers/fear-of-public-speaking/faq-20058416)

public-speaking/faq-20058416 (Accessed May 17, 2017).

### MGA MAY AKDA



#### Sean Joshua C. Aranges

successfully attained his Bachelor of Secondary Education Major in Filipino at Kapalong College of Agriculture, Sciences, and Technology (KCAST), marking a significant milestone in his academic journey on June 23, 2023. He holds the distinguished role of a Sangguniang Kabataan (SK) Councilor within his Barangay, demonstrating dedicated service for nearly six years. Additionally, he showcases unwavering commitment as a valued member of the Peer Facilitators Society (PFS), where his dedication has propelled him to a position on the organization's board of esteemed members. His intellectual curiosity is evident through active participation in numerous seminars, culminating in his selection as an Oral Presenter at the 1<sup>st</sup> International Research Conference on Diversified and Multidisciplinary Education, hosted by ICEPD Thailand. Moreover, his exceptional talents have been recognized, as he secured the 2nd place accolade at the inaugural 1<sup>st</sup> Multidisciplinary Research Congress held at KCAST on March 31, 2023.



#### Conie B. Cerna, LPT.,

completed her academic requirements for Master of Arts in Education major in Filipino in 2022 at St. Mary's College of Tagum, Inc. She finished Bachelor of Secondary Education major in Filipino degree at University of Mindanao – Tagum Campus in May 2018. She is affiliated at Kapalong College of Agriculture, Sciences, and Technology and has been in the institution for three (3) years. Her unwavering commitment to growth and excellence is evident

through her active participation in an array of enlightening training sessions, enriching seminars, hands-on workshops, and enlightening research collaborations organized by diverse institutions and sectors.



**Aisa S. Basay, MAEd.** Mahigit sa siyam na taon ng nagtuturo sa Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology bilang isang guro ng/sa wika at panitikan.

Siya'y kilala sa kanyang dedikasyon sa pagtuturo at sa pagpapahalaga sa kahalagahan ng wika sa kultura sa mga kabataan.

Nakuha ni Aisa ang kanyang bachelor's degree sa Filipino mula sa Unibersidad ng Mindanao Tagum College noong 2013. Ipinagpatuloy niya ang kanyang pag-aaral sa parehong institusyon at nakuha ang kanyang master's degree, na nagbigay sa kanya ng mas malalim na kaalaman sa kanyang larangang pinagtutuunan.

Sa kanyang halos sampung taong karanasan sa pagtuturo, napatunayan niya ang kanyang husay sa pamamahayag ng mga konsepto ng wika at panitikan sa mga mag-aaral. Noong 2021, siya ay itinalaga bilang Program Koordinator ng Batsilyer sa edukasyon Medyor sa Filipino sa Kapalong College. Sa pamamagitan ng kanyang pangunguna, mas naging masigla at makabuluhan ang mga gawain na may kaugnayan sa pagpapalaganap ng kagalingan sa Filipino.

## COPYRIGHTS

*Copyright of this article is retained by the author/s, with first publication rights granted to IIMRJ. This is an open-access article distributed under the terms and conditions of the Creative Commons Attribution – Noncommercial 4.0 International License (<http://creativecommons.org/licenses/by/4>).*